

TUNGKOL SA ATIN

California Energy Commission



Ang California Energy Commission ay may mahalagang papel sa paglikha ng sistema ng enerhiya ng hinaharap.

Bilang panguhahing ahenisya ng estado sa polisiya at pagpapalano ng enerhiya, gumaganap ang California Energy Commission ng kritikal na tungkulin sa paglikha ng sistema ng enerhiya sa hinaharap—isa na malinis, moderno at sinisiguro na ang ika-limang pinakamalaking ekonomiya sa mundo ay patuloy na umuunlad. Ang paglaban sa pagbabago sa klima ay pundamental sa pagpapanatili sa hinaharap ng California. Naglalaro ang Energy Commission ng pangunahing tungkulin sa pagpapatupad at paglikha ng mga polisiya at programa para lumikha ng ekonomiyang mababa sa karbon.

Tumutulong ang Energy Commission sa paglikha ng sistema ng enerhiya ng hinaharap ng California sa pamamagitan ng mga aktibidad tulad ng:

Pagpapalano at Pag-develop ng Polisiya

Ang pagkamit ng ambisyosong mga layunin sa klima at enerhiya ng California habang tinitiyak na ang mga sistema ng enerhiya ng estado ay mananatiling maaasahan, ligtas, at abot-kaya ay nangangailangan ng pinag-isipang pagpapalano at pagtukoy ng mga solusyon sa polisiya sa ilalim sa mga mahihirap na paghamon ngayon. Mula sa pagsusuri sa demand na inaasahan mula sa pangmalakihang elektripikasyon ng transportasyon hanggang sa pagrekomenda sa plano sa pagsasara ng pasilidad na imbakan ng gas ng Aliso Canyon sa loob ng 10 taon, nagsasagawa ang Energy Commission ng cutting-edge na pagsusuri at bumubuo ng mga rekomendasyon sa polisiya para malutas ang mga kinakailangan na at mga isyu ng California sa enerhiya.

Paglago ng Mababagong Enerhiya

Itinaguyod ng California ang matitibay na layunin sa mababagong enerhiya—kabilang ang pag-atas na 60 porsiyento ng koryente ng estado ay mula sa mga mababagong pagkukunan, tulad ng hangin, solar, at geothermal, sa 2030.

Pinangangasiwaan ng Energy Commission ang landmark na Renewables Portfolio Standard (RPS) ng estado at sinisiguro na isisiwalat ng mga utility ang kanilang portfolio ng supply ng koryente sa mga mamimili, patotohanan ang mga planta ng power, at pinatotohanan na ang mga utility ay nakatutugon sa mga target ng RPS.



Pagiging Episyente sa Enerhiya

Isang madaling paraan para mabawasan ang gastos, mga epekto sa kapaligiran at kahinaan ng sistema ng enerhiya ay gumamit ng mas kaunting enerhiya. Sa mahigit 40 taon, naging mahalaga ang Energy Commission sa pagsusulong ng mgaistratehiya sa pagiging episyente sa enerhiya. Dahil sa Energy Commission, nakatipid ang mga mamimili ng mahigit \$110 bilyon sa mga bill ng utility sa paggamit at pagpapatupad ng mabisa sa gastos na appliance at pagbuo ng mga pamantayan sa pagiging episyente sa enerhiya.

Inobasyon sa Enerhiya

Ang inobasyong teknolohikal na pinalago sa California ay kailangan para lumikha ng modernong sistema ng enerhiya na maaaring magpatakbo sa estado sa paraan na maaasahan, mas malinis, mas ligtas at mas abot-kaya. Namumuhunan ang Energy Commission sa mga proyekto ng pananaliksik, pag-develop at demonstrasyon ng enerhiya (RD&D). Nagbibigay ang Energy Commission ng halos \$150 milyon bawat taon para sa mga proyekto sa RD&D ng koryente at sistema ng natural na gas. Bilang karagdagan, mahigit sa \$110 milyon na grant ay gagamitin para mabawasan ang mga gastos sa enerhiya at mga greenhouse gas emission sa industriya ng pagproseso sa pagkain ng California.

Mas Malinis na Transportasyon

Ang sektor ng transportasyon ng California ay ang pinakamalaking pagkukunan ng polusyon sa hangin, kasama ang mga greenhouse gas emission. Namumuhunan ang Energy Commission ng halos \$100 milyon bawat taon para gumawa at mag-deploy ng mga fuel na mababa sa karbon at mga teknolohiya sa sasakyan. Bilang karagdagan, ang Energy Commission ay ang nangungunang ahensiya ng estado sa imprastraktura sa pag-fuel ng electric na sasakyan, responsable sa pangunguna ng pamumuhunan ng estado sa mga plug-in electric vehicle station at pagtataguyod ng unang network ng mga retail hydrogen refueling station sa bansa.

Responsableng Imprastraktura ng Koryente

Tumutulong ang Energy Commission na masiguro na ang panukalang pasilidad ng enerhiya ay nasa, ginawa, pinatatakbo at nadekomisyon sa paraan na nagbibigay proteksiyon sa kapaligiran, pampublikong kalusugan at kaligtasan. Bilang karagdagan, nagsasagawa ang Komisyon ng pagpapalano sa imprastraktura ng transmisyon.

Tugon sa Emerhensiya

Sa dumaragdang na posibilidad ng mas matinding mga wildfire, mga napipintong lindol, at mga sukdulang tagtuyot at pagbabaha, kritikal sa kalusugan at kaligtasan ng mga taga-California na masiguro na ang estado ay handang tumugon sa mga emerhensiya. Binubuo ng Energy Commission ang istrategie ng California sa kawalan ng supply ng enerhiya dahil sa likas na sakuna o ibang emerhensiya. Tumutulong din ang Energy Commission na suportahan ang emerhensiyang tugon ng estado at, kung pinahintulutan ng Gobernador, inuutusan ang mga supplier ng fuel na hawakan at muling idirekta ang fuel para magamit sa pagtugon sa sakuna at mga pagsusumikap sa pagbawi.

Pamunuan

Ang Energy Commission ay may limang commissioner na tinalaga ng Gobernador at kinumpirma ng Senado. Naninilbihan ang mga Commissioner ng limang taong mga termino. Nagdedesigna rin ang Gobernador ng chair at vice chair bilang pangunahing lead na ahensiya.



Governor
Gavin Newsom

Chair
Robert B. Weisenmiller, Ph.D

Executive Director
Drew Bohan

Commissioners
Karen Douglas, J.D.
David Hochschild
J. Andrew McAllister, Ph.D.
Janea A. Scott, J.D.

energy.ca.gov | facebook.com/CAEnergy | twitter.com/calenergy | instagram.com/calenergy

January 2019